Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 13, 2025, LUNES, IKA-09:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |

RECORDED 21 OCT 2025 — SANGGUNIANG BAYAN OFFICE, Santa Cruz, Laguna
RELEASED 23 OCT 2025 — SANGGUNIANG BAYAN OFFICE, Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 376- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 058-T2025 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2025 NG BARANGAY SAN PABLO NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HONORARIA NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BARANGAY, SK CHAIRPERSON, KALIHIM AT INGAT-YAMAN SA PAMAHALAANG BARANGAY PARA SA SUSUNOD NA TAON 2026 NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

**SPONSOR: KGG. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 058-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2025 na nagdaragdag ng honoraria ng mga miyembro ng Sangguniang Barangay, SK Chairperson, Kalihim at Ingat-Yaman sa pamahalaang barangay para sa taong 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 058-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2025 ng Barangay San Pablo Norte, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng honoraria ng mga miyembro ng Sangguniang Barangay, SK Chairperson, Kalihim at Ingat-Yaman para sa susunod na taon 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 13, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan